| English | Filipino (Tagalog) |
|---|---|
| **Getting tested – free COVID-19 testing facilities** | **Pagpapasuri – mga pasilidad sa libreng pagpapasuri sa COVID-19** |
| **Updated 12 October 2020** | **Naisapanahon (updated) noong 12 Oktubre 2020** |
| **No appointment required** | **Hindi kailangan ng appointment** |
| **Weston Creek Walk-in Centre Respiratory Assessment Clinic** | **Weston Creek Walk-in Centre Respiratory Assessment Clinic** |
| 24 Parkinson St, Weston<br>Open 7:30am to 10:00pm daily, including public holidays | 24 Parkinson St, Weston<br>Bukas mula 7:30 ng umaga hanggang 10:00 ng gabi araw-araw, kabilang ang mga pista opisyal |
| • Please use a mask and hand sanitiser available at the front door.<br>• Children of any age can be tested at the Weston Creek Walk-in Centre.<br>• Children under two years can only be seen at the Weston Walk-in Centre when a GP is rostered on shift.<br>• If your infant needs to be tested for COVID-19, then please call ahead to confirm when a GP is available. | • Mangyaring gumamit ng mask at hand sanitiser na makukuha sa pintuan sa harapan.<br>• Ang mga bata na anuman ang edad ay maaaring suriin sa Weston Creek Walk-in Centre.<br>• Ang mga batang wala pang dalawang taon ay matitingnan lamang sa Weston Walk-in Centre kung may GP o doktor na nagtatrabaho sa oras na iyon.<br>• Kung kailangang suriin ang iyong sanggol para sa COVID-19, mangyaring tumawag muna upang malaman kung may GP o doktor na maaaring tumingin. |
| Call (02) 5124 8080 and select ‘5’ for Weston. | Tumawag sa (02) 5124 8080 at piliin ang '5' para sa Weston. |

| | |
|---|---|
| **Drive Through COVID-19 Testing at Exhibition Park in Canberra** | **Drive Through COVID-19 Testing sa Exhibition Park sa Canberra** |
| EPIC, Flemington Road and Northbourne Avenue, Mitchell<br>Open 9:30am to 5:00pm daily (last car accepted at 5pm) including public holidays, 7 days a week | EPIC, Flemington Road at Northbourne Avenue, Mitchell<br>Bukas mula 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon araw-araw (ang huling kotse ay tatanggapin sa 5:00 ng hapon) kabilang na ang mga pista opisyal, 7 araw sa isang linggo |
| • This clinic cannot be accessed from public transport or on foot.<br>• You must be a driver or a passenger in a registered motor vehicle or motorbike to attend this clinic.<br>• You will not be required to leave your vehicle.<br>• Children under the age of eight cannot be tested. | • Ang klinikang ito ay hindi mapupuntahan ng pampublikong transportasyon o sa paglalakad.<br>• Dapat ikaw ay drayber o pasahero ng isang nakarehistrong sasakyan o motorsiklo upang makabisita sa klinikang ito.<br>• Hindi mo kailangang iwanan ang iyong sasakyan.<br>• Ang mga batang wala pang walong taong gulang ay hindi maaaring suriin. |
| For health and safety reasons, please leave your pet at home. | Para sa mga kadahilanang pangkalusugan at pangkaligtasan, mangyaring iwan ang iyong alagang hayop sa bahay. |
| **Drive Through COVID-19 Testing at Kambah** | **Drive Through COVID-19 Testing sa Kambah** |
| Jenke Circuit, Kambah<br>Open 9:30am to 5:00pm, 7 days a week (last car accepted at 5:00pm) | Jenke Circuit, Kambah<br>Bukas mula 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, 7 araw sa isang linggo (ang huling kotse ay tatanggapin sa 5:00 ng hapon) |
| • This clinic cannot be accessed from public transport or on foot.<br>• You must be a driver or a passenger in a registered motor vehicle or motorbike to attend this clinic.<br>• You will not be required to leave your vehicle.<br>• Children under 8 years of age cannot be tested. | • Ang klinikang ito ay hindi mapupuntahan ng pampublikong transportasyon o sa paglalakad.<br>• Dapat ikaw ay drayber o pasahero ng isang nakarehistrong sasakyan o motorsiklo upang makabisita sa klinikang ito.<br>• Hindi mo kailangang iwanan ang iyong sasakyan.<br>• Ang mga batang wala pang 8 taong gulang ay hindi maaaring suriin. |

| | |
|---|---|
| For health and safety reasons, please leave your pet at home. | Para sa mga kadahilanang pangkalusugan at pangkaligtasan, mangyaring iwan ang iyong alagang hayop sa bahay. |
| Please note, where poor weather may mean unsafe conditions for staff and members of the community, the Kambah drive through clinic may be temporarily closed. This would not affect the opening hours of our other locations. | Mangyaring tandaan, kung ang masamang lagay ng panahon ay magdudulot ng hindi ligtas na kundisyon para sa mga kawani at miyembro ng komunidad, ang Kambah drive through na klinika ay maaaring pansamantalang isara. Hindi nito maaapektuhan ang mga oras ng pagbubukas sa iba pa naming mga lugar. |
| We recommend you check Canberra Health Services or ACT Health social media pages for updates. | Inirerekomenda namin na tingnan mo ang Canberra Health Services o ACT Health social media page para sa mga update. |
| **COVID-19 Walk-in Testing Clinic on Garran Oval** | **COVID-19 Walk-in Testing Clinic sa Garran Oval** |
| Garran Oval (entry from Kitchener St)<br>Open 9:30am to 5pm daily, 7 days a week | Garran Oval (ang pasukan ay mula sa Kitchener St)<br>Bukas mula 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, 7 araw sa isang linggo |
| Children under 2 years of age cannot be tested. | Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay hindi maaaaring suriin. |
| **West Belconnen COVID-19 Walk-in Testing Clinic** | **West Belconnen COVID-19 Walk-in Testing Clinic** |
| 6 Luke St, Holt<br>Open 9:30am to 5pm, Monday to Friday | 6 Luke St, Holt<br>Bukas mula 9:30 ng umaga hanggang 5:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes |
| Please use a mask and hand sanitiser available at the front door. | Mangyaring gumamit ng mask at hand sanitiser na makukuha sa pintuan sa harapan. |
| Children under 2 years of age cannot be tested. | Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay hindi maaaaring suriin. |

| | |
|---|---|
| **Winnunga Nimmityjah Respiratory Clinic** | **Winnunga Nimmityjah Respiratory Clinic** |
| 63 Boolimba Crescent, Narrabundah<br>Open 9:30am to 4:30pm, Monday to Friday | 63 Boolimba Crescent, Narrabundah<br>Bukas mula 9:30 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes |
| The Winnunga Nimmityjah Respiratory Clinic provides a culturally appropriate assessment and testing centre for First Nations people and existing clients of Winnunga. | Ang Winnunga Nimmityjah Respiratory Clinic ay nagbibigay ng isang angkop sa kultura na pagtatasa at isang sentro ng pagpapasuri para sa mga taong First Nations at mga kasalukuyang kliyente ng Winnunga. |
| Testing is available for people of any age. | Ang pagpapasuri ay makukuha ng mga tao na anuman ang edad. |
| Before visiting, please call ahead on (02) 6284 6222. | Bago bumisita, mangyaring tumawag muna sa (02) 6284 6222. |
| **Private pathology collection centres** | **Mga pribadong sentro ng koleksyon ng patolohiya** |
| Some private pathology collection centres can do COVID-19 testing. The testing is bulk billed if you are eligible for Medicare. | Ang ilang pribadong sentro ng koleksyon ng patolohiya ay maaaring magsagawa ng COVID-19 na pagsusuri. Ang pagpapasuri ay bulk billed kung ikaw ay karapat-dapat para sa Medicare. |
| Capital Pathology has collection centres in Tuggeranong, Crace, Holt, O'Connor and Woden. | Ang Capital Pathology ay may mga sentro ng koleksyon sa Tuggeranong, Crace, Holt, O'Connor at Woden. |
| You will need to have a GP referral and phone ahead to let them know you are coming. | Kailangan mong magkaroon ng isang pagsangguni (referral) mula sa GP at tumawag muna upang ipaalam sa kanila na ikaw ay darating. |
| Visit the Capital Pathology website for more information. | Bisitahin ang website ng Capital Pathology para sa karagdagang impormasyon. |

| | |
|---|---|
| Laverty Pathology has a collection centre in Bruce. You do **not** need a GP referral and you do not need to call ahead. | Ang Laverty Pathology ay may sentro ng koleksyon sa Bruce. **Hindi** mo kailangan ng referral ng GP at hindi mo kailangang tumawag muna. |
| Visit the Laverty Pathology website for more information. | Bisitahin ang website ng Laverty Pathology para sa karagdagang impormasyon. |
| **By appointment** | **Sa pamamagitan ng appointment** |
| **YourGP@Crace**<br>1/5 Baratta Street, Crace | **YourGP@Crace**<br>1/5 Baratta Street, Crace |
| Open 1:00pm to 5:00pm, Monday to Friday | Bukas mula 1:00 ng hapon hanggang 5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes |
| To book an appointment, call the clinic on (02) 6109 0000 or book online. | Para mag-book ng appointment, tawagan ang klinika sa (02) 6109 0000 or book online. |
| Testing is available for people of any age. | Ang pagpapasuri ay makukuha ng mga tao na anuman ang edad. |
| **Lakeview Medical Practice Tuggeranong** | **Lakeview Medical Practice Tuggeranong** |
| 1/216 Cowlishaw Street, Greenway | 1/216 Cowlishaw Street, Greenway |
| Open 9:00am to 1:00pm and 2:00pm to 6:00pm, Monday to Friday | Bukas mula 9:00 ng umaga hanggang 1:00 ng hapon at 2:00 ng hapon hanggang 6:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes |
| To book an appointment, call the clinic on (02) 6185 1986 or book online. | Para mag-book ng appointment, tawagan ang klinika sa (02) 6185 1986 o mag-book online. |
| Testing is available for people of any age. | Ang pagpapasuri ay makukuha ng mga tao na anuman ang edad. |